Seksyon 1557: Pagprotekta sa Mga Indibidwal Laban Sa Sekswal na Diskriminasyon

Ang Seksyon 1557 ay ang probisyon para sa mga karapatang sibil ng Batas para sa Abot-Kayang Pangangalaga ng 2010. Ipinagbabawal ng Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan sa ilang partikular na programa at aktibidad na pangkalusugan. Nalalapat ang huling panuntunan ng Seksyon 1557 sa anumang programa o aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pondo mula sa Department of Health and Human Services (HHS, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao), gaya ng mga ospital na tumatanggap ng Medicare o mga doktor na tumatanggap ng bayad mula sa Medicaid; Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at mga issuer na kasali sa mga naturang Marketplace; at anumang programang pangkalusugan na ipinapatupad mismo ng HHS.

Malinaw na nakasaad sa panuntunan na kasama sa ipinagbabawal na sekswal na diskriminasyon sa Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa:

- Kasarian ng isang indibidwal
- Pagbubuntis, panganganak at mga nauugnay na medikal na kundisyon

Mga Proteksyon laban sa Sekswal na Diskriminasyon

- Hindi dapat tanggihan ang pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan o saklaw na pangkalusugan sa mga indibidwal batay sa kanilang kasarian.
- Dapat maging patas ang pakikitungo sa mga lalaki at babae pagdating sa natatanggap nilang pangangalagang pangkalusugan at nakukuhang insurance.
- Pahihintulutan lang ang mga programa o aktibidad na pangkalusugan na partikular sa isang kasarian kung mapapatunayan ng entity na talaga namang kinakailangan ito. Halimbawa, mahalaga ang naturang programa o aktibidad na pangkalusugan na partikular sa isang kasarian sa pag-abot ng isang mahalagang layunin na nauugnay sa kalusugan o siyensya.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Seksyon 1557, bisitahin ang www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557.